


Republic of the Philippines
**Department of Education**
**Regional Office IX, Zamboanga Peninsula**

# 6

Zest for Progress
Zeal of Partnership

# Araling Panlipunan

## Ikatlong Markahan- Modyul 2: Mga Suliraning Kinaharap ng mga Pilipino mula 1946 hanggang 1972



**Name of Learner:** ___________________________

**Grade & Section:** ___________________________

**Name of School:** ___________________________

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Lujizzl Jane S. Dela Pena
Jeajean G. Albellar

**Editor:** Lujizzl Jane S. Dela Pena

**Tagasuri:** Ryan G. Tulod
Jeneliza C. Panes

**Tagaguhit/Tagakuha ng Larawan:**

**Tagalapat:** Lujizzl Jane S. Dela Pena

**Tagapamahala:** Majarani M. Jacinto, EdD, CESO VI
OIC, Schools Division Superintendent

Visminda Q. Valde, EdD
OIC, Assistant Schools Division Superintendent

Raymond M. Salvador, EdD, CESE
OIC, Assistant Schools Division Superintendent

Juliet A. Magallanes, EdD
CID Chief

Florencio R. Caballero, DTE
EPS - LRMDS

Alma L. Carbonilla, EdD
EPS – Araling Panlipunan



## Alamin

Sa araling ito, matutuhan mo ang mga pangunahing suliranin at hamong kinaharap ng mga Pilipino mula 1946-1972.

Pagkatapos ng modyul na ito, ikaw ay inaasahang:

- Nasusuri ang mga pangunahing suliranin at hamong kinaharap ng mga Pilipino mula 1946 hanggang 1972. (AP6SHK-IIIa-b-1)



## Balikan

Panuto: Lagyan ng tsek ( / ) kung ang pahayag ay nagsasabi tungkol sa Ikatlong Republika at ekis ( ✖ ) kung hindi.

__________1.Ang Ikatlong Republika ng Pilipinas ay tumutukoy sa kasaysayan at pamahalaan ng Pilipinas mula Hulyo 4, 1946 hanggang Setyembre 21, 1972.

__________2.Bawat pangulo ng Ikatlong Republika ay may kanya-kanyang programa na naglayong paunlarin ang bansa mula sa pagkakalugmok nito noong digmaan.b

__________3.Malaking salik ang pananakop ng mga Hapones sa Pagtatamasa ng kalayaan ng mga Pilipino.

__________4.Binubuo ng tatlong sangay ang pamahalaan sa ilalim ng Ikatlong Republika.

__________5.Walang naging problema ang pamahalaang Pilipinas sa ilalim ng Ikatlong Republika.

__________6.Noong Hulyo 4, 1946 ay ipinahayag ni Harry S. Truman ang kasarinlan ng Pilipinas.

__________7.Si Pangulong Rodrigo Duterte ay unang Pangulo ng Komonwelt.

__________8.Si Pangulong Ferdinand Marcos ang nagdeklara ng Batas Militar sa bisa ng Proklamasyon Bilang 1081.

__________9.Nang lumaya ang Pilipinas mula sa Amerikano noong 1946 patuloy pa ring umasa ang Pilipinas sa tulong ng mga Amerikano.

_________10.Itinadhana ng Saligang Batas 1946 ang mga tungkulin at kapangyarihan ng pamahalaan sa Ilalim ng Ikatlong Republika.

| Aralin 2 | # Mga Suliraning Kinaharap ng mga Pilipino mula 1946 hanggang 1972 |
|---|---|



## Tuklasin

**Mga Suliraning Kinaharap ng mga Pilipino mula 1946 hanggang 1972**

Isang malaking hamon sa bagong pamahalaan ang kalagayan ng bansa matapos ang digmaan. Tiyaga at katatagan ng loob ang kinakailangan upang muling isaayos ang mga bayan at lungsod na sinira dulot ng digmaan.

**Suliraning Pangkabuhayan**

Tinatayang pangalawa ang Pilipinas sa Warsaw, Poland sa lawak ng pinsalang natamo nang bagsakan ito ng bomba ng mga bansang alyado. Nasunog ang ilang kilalang gusali sa Maynila tulad ng *Philippine General Hospital* (PGH), Unibersidad ng Pilipinas, at Batasan .

Sadyang nabago ang takbo ng kalakalan at kalinangan sa muling pagtatatag ng lungsod matapos ang digmaan. Ang Inramuros, na siyang kinagawiang sentro ng kultura at politika ay nagging bodega ng mga kompanyang nagkakargamento at nagging tirahan ng mga informal settler galing sa probinsya. Sa kabila ng malaking pinsalang nangyari sa Maynila ay marami paring mga taong wala sa mga probisya ng nagsilipat dito sa pag-aakala dito nila masusumpungan ang magandang buhay na kanilang inaasam-asam. Bunga nito, patuloy na nagsikip ang Kamaynilaan at ang lungsod Quezon. Batay sa ginawang pasusuri sa demograpiya ng bansa angmabilis na paglaki ng popolsyon sa mga puok- urban ay nagdulot ng malaking suliranin sa pagsisikip at kakulangan sa tirahan . Maraming nagtayo ng kanilang tirahan sa mga estero, tabi ng reles ng train, sa gilid ng mga parke, sa mga ilalim ng mga tulay at sa mga bakateng loteng pag-aari ng bayan o ng prebadong mamamayan. Naging laganap na problema ang isyo na “squatting”. Upang masulosyunan ang problemang ito ay itinatag ng pamahalaan ang Pambansang Pangasiwaan ng Paglilipat-Tirahan at Pagsasa-ayos *National*

*Resettlement and Rehabilitation Administation (*NARRA) Ang samahang ito ang nangangasiwa sa paglilipat ng mga informal settler sa iba't ibang pook labas ng Maynila at iba pang lungod. Kaugnay nito, binagyan-tuon ng pamahalaan ang pagpapaunlad ng mga rural na komunidad upang maganyak ang mga taong manatili at manirahan dito . Noong 1954, maraming kalsada at tulay ang ipinagawa. Nagpagawa rin ang pamahalaan ng mga proyektong pang-irigasyon upang mapaunlad ang buhay ng mga magsasaka. Kaya noong 1955, tinatayang 8,800 pamilya ang nailipat ng tirahan sa dalawampu dalawa (22) proyektong pook-tirahan sa ibat-ibang panig ng kapuluan.

**Pagbagsak ng Ekonomiya**

Malaking pinsala ang idinulot ng digmaan sa bansa. Libo- libong buhay ang nawala at maraming ari-arian ang nasira, kasama na rito ang mga hayop na katulong sa pagsasaka, industriya, pabrika, at bahay-kalakal. Lumaganap ang kahirapan dahil sa kawalan ng hanapbuhay ng mga mamamayan. Hindi magamit ang mga pasilidad sa transportasyon tulad ng mga lansangan, tulay, at sasakyang pandagat at panghimpapawid. Nasira rin ang mga patubig at sakahan. Bunga nito, humina ang produksiyon ng bansa at nagkulang sa pagkain. Napabayaan ang pagluluwas ng mga produkto na nagbunga ng kakapusan sa pananalapi ng pamahalaan.

**Kapayapaan at Kaayusan**

Suliranin din ang kapayapaan at kaayusan sa bansa pagkatapos ng digmaan. Dahil sa kakulangan ng mga trabahong maaaring pasukan at pagkaabalahan, natuon ang pansin ng nakararami sa mas madaling paraan upang magkapera. Lumaganap ang nakawan at hold-up sa mga lungsod, bayan, at maging sa mga lalawigan. Dahil dito, nanganib ang buhay at ari-arian ng mga mamamayan sa masasamang elemento ng lipunan.Higit na nagpalubha sa kalagayan ng bansa ang suliranin sa pagsasaka. Nagpatuloy ang kawalan ng gana ng mga magsasaka laban sa mayayamang *haciendero.* Marami sa mga ito ang nagging Huk o kasapi ng Hukbong Bayan Laban sa Hapon o HUKBALAHAP.

Nagsimula ang Hukbalahap bilang samahang gerilya noong panahon ng mga Hapones. Pagkatapos ng digmaan, tumanggi ang mga Huk na isuko ang kanilang mga sandata nang hindi ipagkaloob ng pamahalaan ang kanilang kahilingan sa repormang pansakahan.Komunismo- sosyalismo ang ideolohiya ng mga Huk.

Layunin nila na pabagsakin ang pamahalaan. Lumaban sila sa pamahalaan at inakit ang mga hindi nasisiyahang magsasaka na umanib sa kanila. Maraming magsasaka ang sumali, lalo na sa Gitnang Luzon, na naging sentro ng pakikibaka ng samahan.

**Suliraning Panlipunan**

Matinding hirap at pagdurusa ang naging epekto ng nagdaang digmaan sa Pilipinas. Kapos sa pagkain ang mga mamamayan, lalo na sa mga lugar na sentro ng labanan. Nanirahan ang marami sa dikit-dikit at sra-sirang mga bahay at gusali. Buy-and-sell ng anumang bagay ang naging pangunahing hanapbuhay ng mga mamamayan sa panahong ito. Dahil sa kakulangan ng paninda at salapi, tumaas ang halaga ng mga bilihin. Dahil sa kawalan ng katiyakan sa buhay, nalimot ng marami ang kagandahang asal at pamantayang moral ng lipunan. Nawalan ng tiwala ang mga tao sa isa't isa. Lumaganap ang katiwalian. Ginamit ng mga opisyal ng pamahalaan ang kanilang kapangyarihan sa pagpapayaman at nagkaroon ng pandaraya at suhulan sa pamahalaan.

**Kakapusan ng Pananalapi**

Pagkatapos ng digmaan, dumanas ng krisis sa pananalapi ang pamahalaan. Kakaunti lamang ang natirang salapi sa kaban ng bayan. Nahirapang makalikom ng buwis ang pamahalaan sapagkat walang hanapbuhay ang karamihan sa mga mamamayan. Natigil din ang pakikipagkalakalan sa ibang bansa dail nahinto ang produksiyon ng mga pangunahing produkto tulad ng palay, asukal, at niyog.



## Suriin

Panuto*:* Suriin ang isinasaad ng mga pangungusap. Isulat ang **TAMA** kung ang pangungusap ay nagpapahayag ng mga suliraning kinaharap ng mga Pilipino at **MALI** kung hindi.

__________1. Isang malaking hamon sa bagong pamahalaan ang kalagayan ng bansa matapos ang digmaan.

__________2. Walang malaking pinsala ang idinulot ng digmaan sa bansa.

__________3. Lumaganap ang kahirapan dahil sa kawalan ng hanapbuhay ng mga mamamayan.

__________4. Malaking suliranin ang pamahalaan ang muling pagpapaunlad ng kabuhayan.

__________5. Pera ang kailangan upang muling isaayos ang mga bayan at lungsod na sinira ng mga labanan.

__________6. Pangalawa ang Pilipinas sa Warsaw, Poland sa lawak ng pinsalang natamo nang bagsakan ito ng bomba ng mga bansang Alyado.

__________7. Ang Intramuros, ay naging bodega ng mga kompanyang nagkakargamento at naging tirahan ng mga *informal settler* na galing sa probinsiya.

__________8. Nagsimula ang Hukbalahap bilang samahang gerilya noong panahon ng mga Hapones.

__________9. Hindi naging suliranin ang kapayapaan at kaayusan sa bansa.


__________10. Lumikha ng mga hanapbuhay ang pamahalaan upang magkaroon ng pagkakakitaan ang mga tao.



## Pagyamanin

**Gawain I.**

Panuto: Gamit ang *Graphic Organizer*, isulat ang mga suliraning kinaharap ng mga Pilipino sa Ikatlong Republika ( 1946-1972).Isulat ito sa papel.




**Gawain II**.

Panuto: Tukuyin ang mga inilalarawan sa bawat bilang. Piliin ang tamang sagot mula sa kahon. Isulat ito sa sagutang papel.

| |
|---|
| Pagbagsak ng Ekonomiya |
| Kakapusan ng Panalapi |
| Kapayapaan at Kaayusan |
| Suliraning Pangkabuhayan |
| Suliraning Panlipunan |

__________1. Libo-libong buhay ang nawala at maraming ari-arian ang nasira kasama na rito ang pagsasaka, industriya, pabrika at buhay-kalakal.

__________2. Lumaganap ang nakawan at *hold-up* sa mga lungsod, bayan at maging sa mga lalawigan.

__________3. Kakaunti lamang ang natirang salapi sa kaban ng bayan.

__________4. *Buy and sell* ang naging pangunahing hanapbuhay ng mga mamamayan sa panahong ito.

__________5. Maraming nagtayo ng mga tirahan sa mga estero, tabi ng riles ng tren, sa gilid na parke, sa ilalim ng tulay, at sa mga bakanteng lote.

__________6. Hindi magamit ang mga posibilidad sa transportasyon tulad ng mga lansangan,tulay at mga sasakyang pandagat at panghimpapawid.

__________7. Nagsimula ang Hukbalahap bilang samahang gerilyo noong panahon ng mga Hapones.

__________8. Natigil ang pakikipagkalakalan sa ibang bansa dahil nahinto ang produksiyon ng mga pangunahing produkto tulad ng palay, asukal at niyog.

__________9. Tumaas ang halaga ng mga bilihin dahil sa kakulangan ng paninda at salapi,tumaas ang halaga ng mga bilihin.

_________10. Maraming mga tao mula sa probinsiya ang nagsilipat sa Kamaynilaan sa pag-aakalang dito nila masusumpungan ang magandang buhay.

**Gawain III**.

Panuto: Hanapin sa Hanay B ang inilalarawan sa Hanay A. Isulat ang letra ng tamang sagot sa sagutang papel.

| Hanay A | Hanay B |
|---|---|
| ________1. Pagbagsak ng Ekonomiya | A. Nagsimula ang Hukbalahap bilang samahang gerilya. |
| ________2. Kapayapaan at Kaayusan | B. Nahirapang makalikom ng buwis ang pamahalaan. |
| ________3. Kakapusan ng Pananalapi | C. Humina ang produksiyon ng bansa at nagkulang sa pagkain. |
| ________4. Suliraning Panlipunan | D. Tumaas ang halaga ng mga bilihin. |
| ________5. Suliraning Pangkabuhayan | E. Nanirahan ang marami sa dikit-dikit at sira-sirang bahay at gusali |



## Isaisip

Panuto: Dugtungan ang mga pahayag tungkol sa mga suliraning hinarap ng mga Pilipino noong Ikatlong Republika.Hanapin ang mga sagot sa ulap.

- Krisis sa Pananalapi
- Digmaang Pandaigdig
- Kapayapaan at Kaayusan
- Pagbagsak ng Ekonomiya
- Buy and Sell

1. Labis ang pinsalang natamo ng bansa pagkatapos ng ________________________________.
2. ______________________________ ng anumang bagay ang naging pangunahing hanapbuhay ng mga mamamayan sa panahong ito.
3. Pagkatapos ng digmaan, dumanas ng _________________________________ ang pamahalaan. Kakaunti lamang ang natirang salapi sa kaban ng bayan.
4. Lumaganap ang kahirapan dahil sa ______________________________ at nawalan ng mga hanapbuhay ang mga mamamayan.
5. Suliranin din ang ____________________________________ sa bansa pagkatapos ng digmaan. Lumaganap ang krimen at nakawan, sa mga lungsod, bayan, at maging sa lalawigan.



## Isagawa

Panuto: Sumulat ng isang reflection paper o maikling sanaysay tungkol sa mga tanong na makikita sa ibaba. (10 puntos)

1. Ano- anong suliranin ang kinaharap ng mga Pilipino sa Ikatlong Republika pagkatapos ng digmaan? ( 5 puntos )

_______________________________________________________________________________
_______________________________________________________________________________
_______________________________________________________________________________
_______________________________________________________________________________
____________

2. Sa panahon ng pakikidigma sa pandemyang COVID 19, bilang mag-aaral. Paano mo natugunan ang iyong mga suliranin?

_______________________________________________________________________________
_______________________________________________________________________________
_______________________________________________________________________________
_______________________________________________________________________________



## Tayahin

Panuto: Piliin ang letra ng tamang sagot sa bawat bilang. Isulat ito sa sagutang papel.

1. Bakit naging isang malaking hamon sa bagong pamahalaan ang kalagayan ng bansa matapos ang digmaan?
   A. Dahil sa mga ibat- ibang suliranin na kinaharap ng mga Pilipino.
   B. Dahil sa malaking pinsala na idinulot ng digmaan sa bansa.
   C. Dahil sa kakulangan ng mga trabahong maaaring pasukan ng mga Pilipino.
   D. Dahil sa kawalan ng katiyakan sa buhay ng mga Pilipino.
2. Ano ang kailangan upang muling isaayos ang mga bayan at lungsod na sinira ng mga labanan?
   A. Kalinisan

B. Pera at kayamanan
C. Tiyaga at katatagan ng loob
D. Kaayusan at Kapayapaan

3. Alin sa mga suliraning kinaharap ng mga Pilipino na kung saan maraming ari-arian ang nasira, nawalan ng hanapbuhay ang mga mamamayan at hindi magamit ang mga pasilidad sa transportasyon?
   A. Kakapusan ng pananalapi
   B. Kapayapaan at kaayusan
   C. Pagbagsak ng ekonomiya
   D. Suliraning panlipunan
4. Anong suliranin ang kinaharap ng Ikatlong Republika na higit na nagpalubha sa kalagayan ng bansa?
   A. Pagbagsak ng Ekonomiya
   B. Suliranin sa Kaayusan
   C. Suliranin sa Kapayapaan
   D. Suliranin sa Pagsasaka
5. Ano ang ginawa ng pamahalaan upang masolusyunan ang suliranin o isyu ng "*squatting*"?
   A. Humingi ng tulong mula sa mga dayuhan
   B. Itinatag ang Pambansang Pangasiwaan ng Paglilipat-tirahan at Pagsasaayos.
   C. Lumikha ng mga hanapbuhay ang pamahalaan upang magkaroon ng pagkakakitaan ang mga tao.
   D. Lumaban sila sa pamahalaan at sumali sa mga pag-aalsa.
6. Bakit dumanas ng krisis sa pananalapi ang pamahalaan pagkatapos ng digmaan?
   A. Nalimot ang kagandahang asal at kagandahang moral sa lipunan.
   B. Nawalan ng tiwala ang mga tao sa isat' isa.
   C. Nagkaroon ng pandaraya at suhulan sa pamahalaan.
   D. Kakaunti lamang ang natirang salapi sa kaban ng bayan.
7. Paano nasolusyonan ng pamahalaan ang malaking suliranin sa muling pagpapaunlad ng kabuhayan at pagbagsak ng ekonomiya?
   A. Nagpatayo ng mga tulay at gusali
   B. Nakikipagkalakalan sa ibang bansa
   C. Pinatatag nito ang agricultural, kalakalan at industriya

D. Ginamit ng mga opisyal ng pamahalaan ang kanilang kapangyarihan sa pamahalaan

8. Ang mga sumusunod ay mga epekto ng Suliraning Panlipunan sa buhay ng mga Pilipino, **MALIBAN** sa :
    A. Lumaganap ang katiwalian
    B. Nagkaroon ng pandaraya at suhulan sa pamahalaan
    C. Nakalimutan ng marami ang kagandahang asal at pamantayang moral ng lipunan
    D. Nanganib ang buhay at ari-arian ng mga mamamayan
9. Ano ang layunin ng Komunismo-sosyalismo?
    A. Pabagsakin ang ekonomiya
    B. Pabagsakin ang pamahalaan
    C. Pagbagsakin ang imprastraktura
    D. Pabagsakin ang agrikultura
10. Sa suliraning pangkapayapaan at kaayusan ng bansa sa Ikatlong Republika. Ano ang tawag sa ideolohiya ng mga Huk?
    A. Komunismo
    B. Hukbalahap
    C. Sosyalismo
    D. Komunismo - Sosyalismo

# Karagdagang Gawain

Sa iyong *learning journal*, sagutin ang mahalagang tanong sa ibaba bilang paglalahat sa araling ito.

Paano hinarap ng mga Pilipino ang mga suliranin sa Ikatlong Republika?

______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
__________________________

## Susi sa Pagwawasto

**Balikan**


1. ✓
2. ✓
3. ✓
4. ✓
5. ✗
6. ✓
7. ✗
8. ✓
9. ✓
10. ✗

**Suriin**

1. Tama
2. Mali
3. Tama
4. Tama
5. Mali
6. Taman
7. Tama
8. Tama
9. Mali
10. Tama

PAGYAMANIN

**Gawain I**



| Gawain II | Gawain III | |
|---|---|---|
| 1.Pagbagsak ng Ekonomiya | 1. C | |
| 2. Kapayapaan at Kaayusan | 2. A | |
| 3. Kakapusan at Panalapi | 3. B | |
| 4. Suliraning Pangkabuhayan | 4. E | |
| 5. Suliraning Panlipunanan | 5. D | |
| 6. Pagbagsak ng Ekonomiya | | |
| 7.Kapayapaan at Kaayusan | | |
| 8. Kakapusan ng Panalapi | | |
| 9. Suliraning Panlipunan | | |
| 10. Suliraning Pangkabuhayan | | |
| **Isaisip** | **Tahayin** | |
| 1. Digmaang Pandaigdig | 1. A | 6. D |
| 2. Buy and sell | 2. C | 7. C |
| 3. Krisis sa Pananalapi | 3. C | 8. D |
| 4. Pagbagsak ng Ekonomiya | 4. D | 9. B |
| 5. Kapayapaan at Kaayusan | 5. B | 10. D |

**Isagawa**

( Maaring iba't-iba ang sagot ng mga bata.)

**Karagdagang Gawain**

( Maaring iba't-iba ang sagot ng mga bata.)

## Sanggunian


Palu-ay ,Alvenia P. Makabayan: Kasaysayang Pilipino Batayang Aklat sa Heograpiya, Kasaysayan, at Sibika 5, Manila: G. Araneta Ave. Quezon City; LG & M Corporation (2010), 200-202.

Julian and Lontoc. Bagong Lakbay ng Lahing Pilipino.Quezon City:Phoenix Publishing House, Inc. (2016),198-199.

## Region IX: Zamboanga Peninsula Hymn – Our Eden Land

Here the trees and flowers bloom
Here the breezes gently Blow,
Here the birds sing Merrily,
The liberty forever Stays,

Here the Badjaos roam the seas
Here the Samals live in peace
Here the Tausogs thrive so free
With the Yakans in unity

Gallant men And Ladies fair
Linger with love and care
Golden beams of sunrise and sunset
Are visions you'll never forget
Oh! That's Region IX

Hardworking people Abound,
Every valleys and Dale
Zamboangueños, Tagalogs, Bicolanos,
Cebuanos, Ilocanos, Subanons, Boholanos,
Ilongos,
All of them are proud and true
Region IX our Eden Land

Region IX
Our..
Eden...
Land...

## The Footprints Prayer

One night I had a dream. I dreamed that I was walking along the beach with the LORD.

In the beach, there were two (2) sets of footprints – one belong to me and the other to the LORD.

Then, later, after a long walk, I noticed only one set of footprints.

"And I ask the LORD. Why? Why? Why did you leave me when I am sad and helpless?"

And the LORD replied "My son, My son, I have never left you. There was only one (1) set of footprints in the sand, because it was then that I CARRIED YOU!

## Trees by Joyce Kilmer

I think that I shall never see
A poem lovely as a tree.

A tree whose hungry mouth is prest
Against the earth's sweet flowing breast;

A tree that looks at God all day,
And lifts her leafy arms to pray;

A tree that may in Summer wear
A nest of robins in her hair;

Upon whose bosom snow has lain;
Who intimately lives with rain.

Poems are made by fools like me,
But only God can make a tree.